

KOREAN RESTAURANT SA XENTRO MALL SA LUNGSOND NG CALAPAN, SUMABOG!



GINULANTANG at binalot ng pagkabahala ang mga taong nasa Xentro Mall sa Lungsod ng Calapan, bandang 10:00 ng umaga matapos ang biglaang pagsabog na naganap sa Mr. Won's Samgyeopsal Korean Restaurant noong ika-29 ng Hunyo.

Ayon sa mga nakasaksi, mayroon daw na kung anong sumabog sa loob ng Korean Restaurant na nagresulta sa matinding pagkasira nito, kung saan ayon sa inisyal na report, nasa 17 ang naisugod sa ospital — kabilang na rito ang apat na empleyado,

isang delivery boy, at mga customer.


Sama n t a l a , nabasag naman ang mga salamin ng katabi nitong Red Ribbon at ang bagong gawang Dunkin' na nakatakda sanang magbukas noong ika-30 ng Hunyo.

Mabilis namang

umaksyon ang CDRRM, PNP, BFP Tamaraw Fire Volunteer Brigade, City Health, Explosive Ordinance Disposal, PSD, PDRRM, HPG, at Coast Guard para rumesponde at tumulong sa mga nasugatan at naapektuhan ng naturang pagsabog, gayundin para imbesti-

gahan ang naging sanhi nito.

Agad ding pinalikas ang iba pang mga taong nasa loob ng mall at sinarado ang kalsada, at kaagad din na pinapatay ang gas range at linya ng kuryente sa buong mall. (CIO Calapan)



THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE

PUBLISHER

RUEL T. LANDICHO PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO ANTON VIKTOR LANDICHO STAFF WRITERS

MARCUS A. NEGADO LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUUND AL USSAM LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361 EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM



TINGNAN: "Habang ako ang Gobernador, makakaasakayo na ang pagmamahal ng Pamahalaang Panlalawigan ay siksik, liglig at nag-uumapaw".

Ito ang mensaheng ipinaabot ni Governor Bonz Dolor sa pagdiriwang ng Provincial Child Development Workers' Week sa Bulwagang Panlalawigan

noong Hunyo 30. Tema ng nabanggit na pagdiriwang ang "Child Development Workers' Katuwang ng Pamayanan sa Paghubog ng Batang Maka-Diyos, Makabansa, Makatao at maka-Kalikasan". Idinagdag ng Gobernador, na mahalaga ang papel na ginagampanan

ng mga child development workers dahil sa kanila nagsisimula ang unang pormal na kaalaman ng mga bata bukod sa kani-kanilang mga pamilya. Hinuhubog din nila ang kaisipan at ugali ng mga bata na nasasaad sa tema ng pagdiriwang. (PIO Calapan)



SINAG PUBLISHING AND PRINTING

SINAG PRINTING PRESS

Parian Nat'l Highway, Calamba City, Laguna
 Contact us: Telefax: (049) 834-6261 • Mobile: 09205819079
 Email add: tambull_press@yahoo.com.ph

For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361

ASSISTANCE TO INDIVIDUALS IN CRISIS SITUATION (AICS) PAYOUT

SAPAGTUTULUNGAN ng DSWD-MIMAROPA, Pamahalaang Lungsod, at Sangguniang Panlungsod ng Calapan, matagumpay na naisagawa ang AICS Payout na mula sa ibinigay na pondo ni Senator Bong Go para sa mga mamamayan ng Calapan na ginanap sa Kalap Court, New City Hall, noong ika-29 ng Hunyo.

Nakiisa sa gawaing ito si City Mayor Marilou Flores-Morillo, kasama sina

City Councilor, Atty. Jel Magsuci, at City Councilor Ricka Marie P. Goco, at dito ay nakadaupang palad nila ang mga benepisyaryo na nasa kabuuang 301 na mula sa iba't ibang Barangay sa Lungsod ng Calapan.

Naniniwala ang magpagkalingang butihing Ina ng Lungsod na ang ipinamahaging ayuda ay malaki ang maitutulong sa pangkabuhayan, kung saan inaasahan din niya na ang natatang-

gap ng mga mamamayan sa ating gobyerno ay gagamitin nila sa kapaki-pakinabang na bagay para sa ikagagaan ng kanilang pamumuhay.

Gayundin, nagpaabot ng mensahe si ang masigasig na Konsehala ng Calapan na si Atty. Jel Magsuci sa mga mamamayan, kalakip ang taos pusong pasasalamat kay Senator Bong Go na siyang nagbigay ng pondo para rito (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).



BLS-DRRM REFRESHER ORIENTATION FOR DESIGNATED SAFETY OFFICERS/OFFICE FRONTLINERS AND CDRRMD PERSONNEL

"LET US BUILD A SAFE, RESILIENT, AND GREEN CITY OF CALAPAN" - Mayor Marilou Flores-Morillo

Sa ilalim ng pamumuno ni City Mayor Marilou Flores-Morillo, matagumpay na naisagawa ang "BLS-DRRM Refresher Orientation for Designated Safety Officers/Office Frontliners and CDRRMD Personnel" na inilatag ng Pamahalaang Lungsod ng Calapan, sa pamamagitan ng City Disaster and Risk Reduction and Management Department na pinamumunuan ni CDRRM Officer, MR. Dennis T. Escosora, isinagawa sa Kalap Activity Center, 3rd Floor City College Building, New City Hall, Calapan City, noong ika-27 ng Hunyo.

Ang aktibidad na ito ay nagbigay ng dagdag na kaalaman at kasanayan sa mga kawani ng Pamahalaang Lungsod tungkol sa CPR and Rescue Breathing, Foreign Body Airway Obstruction Management, at Automated External Defibrillator (AED) Orientation, kung saan nagkaroon din ng demonstrasyon.

Isinagawa ang oryentasyon, matapos makabili ang CDRRMD ng Automated External Defibrillator (AED) na ilalagay sa Executive Building maging sa ambulansya na siya namang aprubado ng Punong Lungsod. Ito ay bilang paghahanda para sa pagtugon sa mga medical emergencies katulad ng atake sa puso at stroke (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).





Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado

**BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO**
CONTACT: 09295453013

BUCAYAO | SERBISYONG TAMA PARA SA BARANGAY CARAVAN

SA PAGPAPATULOY ng Serbisyong TAMA para sa Barangay Caravan, Brgy. Bucayao naman pinuntahan ng Pamahalaang Lungsod, sa pangunguna ni City Mayor Malou Flores-Morillo, upang mailapit ang mga serbisyo para sa taumbayan, ika-26 ng Hunyo.

Dito rin ginanap ang Flag Raising Ceremony na pinangunahan ni Kapitan

Ernesto Culla ng Bucayao. Kasama naman ng Punong Lungsod si Konsehal Atty. Jel Magsuci at ang mga kawani ng Pamahalaang Lungsod sa pangunguna ng kani-kaniyang Department Heads.

Sa pamamahala ni Serbisyong TAMA Program Administrator Joseph Dytioco, nakilahok sa Barangay Caravan ang City Agricultural Services Department,

PWD Office, Office of the Senior Citizens' Affairs, City Health and Sanitation Department, City Veterinary Services Department, City Socialized Medical Health Care Office, City Social Welfare and Development Department, Civil Registry Department, City Assessor's Department, City Legal Department, Public Attorney's Office, Business Permit and

Licensing Office, City Treasury Department, City Education Department, at City PESO.

Nakiisa din sa pagbibigay ng serbisyo ang Calapan City Police Station, Calapan Fire Station, Philippine Statistics Authority, (PSA), Philippine Identification System (PhilSys), Philippine Health Insurance Corporation (PhilHealth), Social

Security System (SSS), at Pag-IBIG Fund.

Alinsabay ng programa, binuksan din ang Sectoral Consultation kung saan nabigyan ng pagkaka-taon ang Sangguniang Barangay at mga kinatawan ng iba't ibang sektor na mailapit ang kanilang mga suliranin at pangangailangan ng dalawang baranggay (Thea Marie J. Villadolid/CIO).

